Food Service Ware

SINGLE-USE & PLASTIC WASTE PREVENTION REGULATION

gov.bc.ca/reuse

Ano ang food service ware? Ito'y tumutukoy sa disposable take-out containers at ilang packaging – kabilang na ang mga bowl, kahon, karton, cups, plates, platters, trays, containers na may hinge, containers na may takip, egg cartons, at film wrap – na ginagamit para sa food at drinks.

Ano ang dapat mong malaman

Simula Hulyo 15, 2024, ang mga negosyo ay hindi na maaaring mag-distribute o magbenta ng single-use (disposable) food service ware sa B.C. na gawa sa ilang takdang plastics na mahirap i-recycle, kabilang na ang polystyrene foam (hal., StyrofoamTM), o gamitin sila para sa packaging ng food o drinks.

IPINAGBABAWAL

Ano ang dapat mong gawin

Dapat gawin ng lahat ng mga negosyo ang mga sumusunod:

1. **Itigil ang pagbenta ng food service ware na gawa sa Class B materials**

   Huwag magbenta o mag-distribute ng disposable food service ware na kompletong gawa o bahaging ginawa mula sa biodegradable plastic, oxo-degradable plastic, PVC, PVDC o polystyrene foam. Ang mga produktong gawa mula sa compostable plastic ay pinahihintulutan pa rin.

2. **Itigil ang pagbenta ng food at drink na naka-package sa Class B Materials**

   Huwag magbenta ng packaged foods — tulad ng instant noodles sa isang cup o mga itlog sa isang karton — sa bowls, cartons, wraps, o iba pang package na kompletong gawa o bahaging ginawa mula sa biodegradable plastic, oxo-degradable plastic, PVC, PVDC o polystyrene foam. Ang mga produktong gawa mula sa compostable plastic ay pinahihintulutan pa rin.

Dapat din gawin ng food service providers ang mga sumusunod:

3. **Itigil ang paggamit ng take-out at delivery containers na gawa sa Class A prohibited materials**

   Huwag i-pack ang to-go orders (o anumang ibang food o drinks na prinepara mo na kainin kaagad) sa disposable containers na kompletong gawa o bahaging ginawa mula sa compostable plastic, biodegradable plastic, oxo-degradable plastic, PVC, PVDC o polystyrene foam.

Ano ang Class A at B materials?

IPINAGBABAWAL	A	B
Compostable plastic	⊗	
Biodegradable plastic	⊗	⊗
Oxo-degradable plastic	⊗	⊗
Polyvinyl chloride (PVC) pagkatapos ng Hulyo 1, 2028	⊗	⊗
Polyvinylidene chloride (PVDC)	⊗	⊗
Polystyrene foam	⊗	⊗

Ang fact sheet na ito ay bahagi ng isang toolkit na ginawa para tulungan ang mga negosyo sa B.C. na tumupad sa regulasyon.

Naghahanap ka ba ng ibang mga magagamit sa halip ng single-use plastics? Hanapin ang aming handy alternatives guide at fact sheets tungkol sa ibang mga ipinagbabawal na items, at karagdagang tools na maaaring i-print – kabilang na ang posters at signs na magagamit mo para sabihan ang iyong staff at customers – sa gov.bc.ca/reuse.

Sa pamamagitan ng Single-Use and Plastic Waste Prevention Regulation ay unti-unti nang inaalis ng B.C. ang maraming single-use plastic items na mahirap i-recycle. Binabawasan nito ang waste, prinoprotektahan nito ang ating kapaligiran, at lumilikha ito ng mas malinis na kinabukasan para sa lahat ng British Columbians.

BRITISH COLUMBIA | Ministry of Environment and Climate Change Strategy

Ang items na ito ay exempt sa ilalim ng regulasyon at maaari pa rin silang gamitin.

MGA HINDI KASAMA

Polyvinyl chloride (PVC) film wrap – **exempt hanggang sa Hulyo 1, 2028**

Polystyrene foam trays para sa fresh o frozen raw meat, poultry, seafood o fish (pero hindi sushi) – **exempt hanggang sa Hulyo 1, 2030**

Paper at plant-fibre take-out at delivery containers, kasama ang containers na may lining na compostable plastic o iba pang pinahihintulutang plastic

Food service ware na ibebenta o idi-distribute sa labas ng B.C.

Food at drinks na ibebenta o idi-distribute sa labas ng B.C.